

INTERNATIONAL NAPASA (June 18th, 2024)

1) SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa June 30 (Sunday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **KYOTO SANGA FC** . Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda, at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500**.

2) PAINPORMASYON UKOL SA CONCERT SA YAWATAYAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa June 19 (Wednesday) ay magkakaroon ng free **CONCERT** sa **HACHIMANYAMA NO YOUKAN**. Ang Piano Concert at Clarinet ay mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali. At mula 6:00 ng hapon hanggang 8:00 ng gabi ay tatanghalin naman ang Jazz and Pop Music. Para sa detalyadong programa at mga performer ay makikita sa **Home Page** ng Hiratsuka City. Makapasok ang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-7114 (0463-35-7114)**.

3) PAGPAPAALAM UKOL SA INTERNATIONAL EXCHANGE SALON NG HIRATSUKA

国際交流サロンのお知らせ

Ang "**TANABATA FESTIVAL**" sa Hiratsuka City ngayong taon ay gaganapin sa July 5 (Friday) hanggang July 7 (Sunday). At mula July 7 ng 10:00 ng umaga hanggang 2:00 ng hapon, ang International Exchange Association ng Hiratsuka City ay magbubukas ng "**INTERNATIONAL EXCHANGE SALON**" sa Hachimanyama no Yokan para sa mga turistang galing sa ibang bansa. Dito ay makaka-eksperyensa ng katutubong kultura ng hapon tulad ng paggawa ng Origami, Calligraphy, Aikido, Cat's Cradle at Japanese Chess (Shogi) . At masisiyahan din sa pagpapaalrato gamit ang smart phone habang nakasuot ng Yukata. Ang pagdalo dito ay libre at hindi na rin kailangan ang pagpapareserba. Dadalo rin ang ilang mga boluntaryong interpreter sa wikang Ingles. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa "**INTERNATIONAL EXCHANGE ASSOCIATION**" Executive Office ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-25-2520 (0463-25-2520)**.

4) UKOL SA MGA TAONG NAGPAPADALA SA POST PAPUNTA SA IBANG BANSA

外国へ郵便物を送る方のお知らせ

March 1, 2024 ang mga ipinapadalang koreo sa post office papuntang ibang bansa ay hindi na gagamitin ang label na sulat kamay kung hindi ay idadaan na sa "**MY PAGE INTERNATIONAL POSTAL SERVICES**" at gagamitin ang ipinatutupad na label at ididikit sa

inyong koreo na ipadadala.

5)IMPORMASYON SA MGA PAGKONSULTA SA BATAS PARA SA MGA KABABAIHAN

じょせい ため ほうりつ そうだん の しらせ
女性のための法律相談のお知らせ

Sa June 24 (Monday) ay isasagawa ang “**Pagkonsulta sa batas para sa mga kababaihan**” sa 7th Floor ng Hiratsuka City Office. Ang oras sa umaga ay **9:30** at **10:20** at **11:10** at at hapon ay **12:50, 1:40, 2:30** at 3:30. Ang pagkonsulta sa bawat oras ay tatagal ng **40** minuto. Sa mga taong gustong magpakonsulta ay itala ang ①Pangalan ②Telephone Number ③ Nais na oras ng pagkonsulta. At ipadala sa pamamagitan ng **FAX No. 0463-21-9756 (0463-21-9861)** sa **GENDER EQUALITY DIVISION** o tumawag sa Telephone No. **0463-21-9861 (0463-21-9861)**.